

れいわ Taon Buwan Araw  
令和 2年 7月 27日

Para sa mga magulang,

Anjo City ササメチユウ Principal  
安城市立篠目中学校長

TUNGKOL SA ILANG PAGBABAGO MAY KINALAMAN SA PARAAN NG PAGTUGON SA PANAHON NA IANUNSYO  
ANG BABALA SA BAGYO O STORM WARNING (BŌFŪ KEIHŌ) AT EMERGENCY WARNING (TOKUBETSU KEIHŌ)  
暴風警報発表時および特別警報発表時等の対応の一部変更について

Nais naming ipaalam ang gagawing pagbabago na nakasula sa ibaba simula July 27, 2020 may kinalaman sa pagpasok ng mga estudyante sa panahon na ianunsyong ang babala sa bagyo o storm warning (bōfū keihō).

nilalaman

**PAGTUGON SA PANAHONG IANUNSYO ANG BABALA SA BAGYO O STORM WARNING (BŌFŪ KEIHŌ)**

(Nakasulat sa kahon  ang nabagong impormasyon.)

1. Kapag kasalukuyang may anunsiyo ng babala sa bagyo o storm warning (bōfū keihō) ang Nagoya Local Meteorological Observatory sa Anjo city bago pumasok ang mga estudyante sa paaralan

- (1) Kapag inalis ang babala o warning sa Anjo city bago mag alas-6:00 ng umaga, isasagawa ang regular na klase.
- (2) Kapag hinbi pa inalis ang babala o warning sa Anjo city simula alas-6:00 ng umaga, wala ng klase sa araw na iyon.  
※Sakop nito ang mismong oras na 6:00 am.

Hindi naaayon ang nakasulat sa (1) itaas kapag delikado ang pagpasok sa paaralan sanhi ng pagbaha sa daan o di kaya pag-apaw ng ilog at iba pa.

2. Kapag inanunsiyo ng Nagoya Local Meteorological Observatory ang babala sa bagyo o storm warning (bōfū keihō) sa Anjo city pagkapasok ng mga estudyante sa paaralan

- (1) Ititigil ang klase at agad pauwiin ang mga estudyante kapag natiyak na ang lagay ng panahon at ruta ng paaralan at napagpasyahang ligtas na makakauwi ang mga estudyante.
- (2) Sisiguraduhin namin ang kaligtasan ng mga estudyante sa loob ng paaralan kapag napagpasyahang mahirap pauwiin ang mga estudyante dahil sa delikado ang ruta ng paaralan at iba pa.

**PAGTUGON SA PANAHONG MAG-ANUNSYO NG EMERGENCY WARNING (TOKUBETSU KEIHŌ)**

1. Kapag kasalukuyang may anunsyo ng emergency warning (tokubetsu keihō) ang Nagoya Local Meteorological Observatory bago pumasok ang mga estudyante sa paaralan

(1) Hindi papapasukin ang estudyante sa paaralan.

(2) Kahit alisin na ang anunsyo ng emergency warning (tokubetsu keihō), titiyakin muna ang impormasyon tungkol sa kalagayan ng sakuna o panahon at ruta ng paaralan at hindi papapasukin ang mga estudyante hangga't hindi pa napagpapasyahan na ligtas na makakapasok sa paaralan. Gayunpaman, ipapaalam namin sa website ng paaralan o emergency email notification, sa telepono at iba pa ang impormasyong napagpasyahan tungkol sa pagpasok.

2. Kapag inanunsyo ng Nagoya Local Meteorological Observatory ang emergency warning (tokubetsu keihō) pagkapasok ng mga estudyante sa paaralan.

(1) Ititigil agad ang klase at titiyakin ang kaligtasan ng mga estudyante sa paaralan.

(2) Titiyakin muna ang impormasyon tungkol sa kalagayan ng sakuna o panahon at ruta ng paaralan at hindi pauwiin ang mga estudyante hangga't hindi pa napagpapasyahan na ligtas na maibibigay ang mga estudyante sa magulang. Gayunpaman, ipapaalam namin sa website ng paaralan o emergency email notification, sa telepono at iba pa ang impormasyong napagpasyahan tungkol sa pagbibigay ng mga estudyante sa mga magulang.

**PAGTUGON SA PANAHONG MAG-ANUNSYO NG PAALALA SA MALAKAS NA HANGIN O STRONG WIND ADVISORY  
(KYŌFU CHUIHŌ) AT MALAKAS NA ULAN O HEAVY RAIN WARNING (OOAME KEIHŌ)**

Kapag inaasahang magiging mahirap na masiguro ang kaligtasan ng mga estudyante dahil sa malubhang kalagayan ng panahon tulad ng malakas na hangin at malakas na ulan kahit na walang anunsyo ng babala sa bagyo o storm warning (bōfū keihō) at emergency warning (tokubetsu keihō) sa Anjo city

(1) Aalamin ng principal ng paaralan ang impormasyon na iaanunsyo ng Nagoya Local Meteorological Observatory tungkol sa paalala sa malakas na hangin o strong wind advisory (kyōfu chuihō) at malakas na ulan o heavy rain warning (ooame keihō) at magpapasya kung walang pasok o ititigil ang klase base sa magiging kalagayan ng sakuna o panahon at ruta ng paaralan. Gayunpaman, isasaalang-alang rin ang heograpikal na kalagayan sa distrito ng paaralan at maaaring magpasya kung walang pasok o ititigil ang klase sa ilang mga estudyante sa ibang lugar.

(2) Kung makakatanggap ng tawag mula sa magulang na hindi papapasukin ang estudyante at titignan muna ang kalagayan, tatanggapin ng principal ang pasyang ito at hindi ituturing bilang absent o late. Gayunpaman, hindi na maibabalik ang bayad para sa pagkain o school lunch ng paaralan.

In-charge: キョウトウ

TEL: 0566 — 76-1777

FAX: 0566 — 76-1778